


# Gabay sa Pag-aaral ng Ang Pangako

# Gabay sa Pag-aaral ng Ang Pangako

## UNANG ARALIN
## ANG PASIMULA NG LAHAT NG NILIKHA

Basahin ang Genesis 1 at 2. Dito nakasaad ang tungkol sa paglikha sa daigdig at lahat ng naririto.

**Unang Bahagi: Tama (T) o Mali (M).**

______ Ang Biblia ay nagsisimula sa pagtalakay sa pinagmulan ng Diyos.
______ Nilikha ng Diyos ang langit at lupa sa loob ng anim na araw.
______ Ang Diyos ay walang pinagmulan at wala ring katapusan.
______ Ang tao ay nilikhang kawangis ng Diyos, banal at walang bahid ng kasalanan.
______ Ang tao ay nilikha bilang mataas na uri ng hayop.
______ Ang teorya ng ebolusyon ay tugma sa nakasaad sa Biblia kung paano nilikha ang lahat ng bagay.
______ Nilikha ang babae upang may makasama ang lalaki.
______ Ang lahat ng nilikha ng Diyos ay maganda at walang kapintasan.
______ Ang tao ay nilikha na may bahid ng kasalanan sa kanyang puso.
______ Nararapat nating pasalamatan ang Diyos dahil sa Kanyang kabutihan.

**Ikalawang Bahagi: Lagyan ng tanda ang (mga) tamang sagot.**

1. Gaano na katagal nabubuhay ang Diyos?

______ Nabuhay Siya kasabay ng paglikha ng daigdig
______ Siya ay nagmula sa walang hanggan
______ Hindi ito nakasaad sa Biblia

2. Paano nabuo ang daigdig?

______ Sa pamamaraan ng ebolusyon
______ Nilikha ito ng Diyos
______ Sa pamamagitan ng ‘di inaasahang pagbabanggaan ng mga bagay sa kalawakan

3. Gaano katagal nilikha ng Diyos ang langit at lupa?
______ Ilang bilyong taon
______ Anim na araw
______ Hindi tiyak na panahon

4. Ano ang kalagayan ng mundo nang una itong nilikha?
______ Ito ay makasalanan na
______ Ito ay walang kapintasan
______ Walang nakaaalam dahil walang nakasaad sa Biblia

5. Bakit natatangi ang paglikha sa lalaki at babae?
______ Pinagkalooban sila ng Diyos ng kaluluwa
______ Wala silang bahid ng kasalanan
______ Nilikha silang kalarawan ng Diyos
______ Dahil nilikha ang tao na walang bahid ng kasalanan, hindi siya kailan man magkakasala

6. Ano ang nararapat na tungkulin ng tao?
______ Pamahalaan ang buong daigdig at alagaan ang lahat ng naririto
______ Gamitin nang labis ang mga likas na yaman hangga't mayroon
______ Ituring na kaloob ng Diyos ang lahat ng mga nilikha

7. Ano ang nararapat na tugon ng tao sa kabutihan ng Diyos sa paglikha?
______ Pasalamatan ang Diyos dahil sa Kanyang pagmamahal
______ Higit pang magtiwala sa Diyos
______ Papurihan at sambahin ang Diyos
______ Gamitin ang nilikha sa maling pamamaraan at pangsariling kaligayahan

**Ikatlong bahagi: Karagdagang pag-iisipan at talakayan.**

1. Ipinaliliwanag ba sa Genesis 1:1 kung bakit mayroong Diyos? Ipaliwanag ang iyong sagot.

2. Ano ang ginamit ng Diyos upang likhain ang langit at ang lupa? Paano Niya nilikha ang lalaki at ang babae?

3. Bakit natatangi ang anim na araw ng paglikha ngunit itinuturing din itong pangkaraniwan?

4. Ano ang ipinagkaloob ng Diyos sa lalaki at babae na hindi Niya ipinagkaloob sa iba pang mga nilikha?

5. Pagkatapos likhain ng Diyos ang lahat, ano ang Kanyang sinabi tungkol sa mga ito? Gaano kainam ang Kanyang mga nilikha?

6. Ano ang ipinaaalala sa atin ng mga nilikha ng Diyos na nararapat nating gawin araw-araw?

## IKALAWANG ARALIN
## ANG PANGAKO AY GINAWA

Basahin ang Genesis 3. Sa kabanatang ito nakasaad ang pagkahulog ng sangkatauhan sa kasalanan at ang pangakong Tagapagligtas.

**Unang Bahagi: Tama (T) o Mali (M).**

______ Ibinigay ng Diyos ang sampung utos kay Adan at Eva.

______ Binigyan sila ng Diyos ng isang utos na hindi nila dapat kainin ang bunga mula sa punongkahoy na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at sa masama.

______ Ang kaparusahan sa anumang pagsuway ay kamatayan.

______ Dahil tinukso ng diyablo si Adan at Eva, nangangahulugan na hindi naman talaga sila ang may kasalanan.

______ Dahil hindi agad namatay ang tao matapos magkasala, nangangahulugan na hindi tinupad ng Diyos ang Kanyang salita.

______ Ang tao ay nagkasala nang kainin niya ang ipinagbabawal na bunga.

______ Binigyan ng Diyos ng isa pang pagkakataon ang tao matapos ang unang pagkakasalang kanilang ginawa.

______ Dahil sa pagsuway ng tao, hindi na sila nagtataglay ng banal at walang bahid na larawan ng Diyos.

______ Bilang kaparusahan, pinaalis ng Diyos sina Adan at Eva sa halamanan ng Eden.

______ Nakalimutan na ng Diyos ang tao matapos magkasala.

______ Dahil sa dakilang pagmamahal ng Diyos, ipinangako Niya ang isang Tagapagligtas.

______ Dahil sa kasalanan ni Adan at Eva, ang lahat ng tao na ipanganganak ay makasalanan.

**Ikalawang Bahagi: Lagyan ng tanda ang (mga) tamang sagot.**

1. Ano ang layunin ng Diyos sa pagbibigay Niya ng isang utos sa tao?

______ Upang subukan kung sila ay magkakasala
______ Upang hayaang ipakita ng tao ang pagsunod at pagmamahal sa Diyos
______ Upang gawin pang mas banal ang tao sa pamamagitan ng pagsunod

2. Bakit kinain ni Adan at Eva ang ipinagbabawal na bunga?

______ Dahil hindi sapat ang kasiyahan sa loob ng halamanan
______ Tinukso sila ng diyablo
______ Dahil inisip nila na sila ay magiging kapantay ng Diyos sa karunungan
______ Hindi nila alam na ito ay mali

3. Ano ang mga naging bunga ng kasalanan?

______ Sila ay agad na namatay matapos magkasala
______ Nawala na ang banal na wangis ng Diyos sa tao
______ Hindi na muling nakipag-usap ang Diyos sa tao
______ Dahil sa kasalanan, nahiwalay na ang tao sa Diyos magpakailanman
______ Kailangan nang magsuot ng damit ang tao mula noon

4. Ano ang pangako ng Diyos sa sangkatauhan?

______ Hindi na muling makapamiminsala ang diyablo
______ Magkakaroon sila ng pangalawang pagkakataon
______ Palalayain ng Tagapagligtas ang tao mula sa kapangyarihan ng diyablo
______ Hindi na mamamatay ang tao

5. Bakit nangako ng isang Tagapagligtas ang Diyos?
______ Dahil sa Kanyang awa sa sangkatauhan
______ Dahil naramdaman Niya na Siya ang may pananagutan sa lahat ng mga nangyari
______ Dahil wala nang iba pang makapagliligtas sa tao mula sa kasalanan
______ Dahil sa Kanyang dakilang pagmamahal sa tao

**Ikatlong bahagi: Karagdagang pag-iisipan at talakayan.**

1. Bakit binigyan ng Diyos ang tao ng isang kautusan na nararapat nilang sundin?

2. Ano ang mga nagawang kasalanan nina Adan at Eva?

3. Ano ang mga naging bunga ng unang pagkakasala ni Adan at Eva?

4. Bakit ang pangakong Tagapagligtas ang tanging sagot sa pagsuway ng tao?

## IKATLONG ARALIN
## ANG PANGAKO AY TINUPAD

Basahin ang Ebanghelyo ayon kay Lucas sa Bagong Tipan. Dito malalaman natin ang kapanganakan, buhay, kamatayan at muling pagkabuhay ni Cristo Jesus.

**Unang Bahagi: Tama (T) o Mali (M).**

______ Si Cristo Jesus ang ipinangakong Tagapagligtas.
______ Napakakaunting tao ang naghihintay at naghahanap sa parating na Tagapagligtas.
______ Si Cristo ay ipinanganak ayon sa dakilang plano ng Diyos.
______ Walang sinuman ang nakaaalam kung saan ipanganganak si Cristo.
______ Ipinamalita ng mga anghel ang kapanganakan ni Cristo sa mga hamak na pastol.
______ Ang mga pastol ay nakatagpo ng kaunting kasiyahan sa katotohanan na si Cristo ay ipinanganak.
______ Ang sanggol na si Jesus ay tunay na Diyos at tunay na tao.
______ Pumarito lamang si Jesus upang iligtas ang mga mananampalataya.
______ Tanging mga dukha at nangangailangan ang maliligtas.
______ Gumawa si Jesus ng mga himala upang patunayan na Siya ang Anak ng Diyos.

**Ikalawang Bahagi: Lagyan ng tanda ang (mga) tamang sagot.**

1. Bakit kailangang ang Tagapagligtas ay tunay na Diyos?

______ Hindi maaaring iligtas ng tao ang kanyang sarili
______ Ang Diyos lamang ang makatutupad sa buong kautusan
______ Sinasabi ng Biblia na ang Tagapagligtas ay tunay na Diyos

2. Bakit kailangang ang Tagapagligtas ay tunay na tao?
______ Kailangan Niyang magpasakop sa kautusan upang matupad ito
______ Kailangan Siyang ipanganak na makasalanan
______ Ipinahayag ito ng Biblia

3. Bakit ipinanganak si Cristo sa isang sabsaban sa Betlehem?
______ Pumarito Siya, una sa lahat, upang iligtas ang mga dukha
______ Ipinahayag ito ng Diyos sa pamamagitan ng mga propeta sa Matandang Tipan
______ Nais ng Diyos sa Siya ay ipanganak nang may lubos na kababaang-loob
______ Hindi kayang magbigay ng Diyos ng ano pa mang higit na mabuting lugar

4. Ano ang mensaheng ipinangaral ni Cristo sa lahat?
______ Ipinadala Siya ng Diyos upang parusahan ang lahat ng makasalanan
______ Ang mayayaman ay hindi maliligtas
______ Ang sinumang nananampalataya sa Kanya ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan
______ Ang Diyos ay pag-ibig

5. Bakit maraming ginawang himala si Cristo?
______ Dahil sa Kanyang pagmamahal ay nakita Niya ang pangangailangan at tumutulong Siya kapag may pagkakataon
______ Nais Niyang gawin Siyang hari ng mga tao sa mundong ito
______ Nais Niyang patunayan na Siya ang Anak ng Diyos

6. Sino lamang ang maliligtas?
______ Ang sinumang nananampalataya kay Cristo lamang
______ Ang sinumang nananampalataya kay Cristo at gumagawa ng mabuti
______ Ang sinumang gumagawa ng mabuti sa abot ng kanyang makakaya at nagmamahal sa lahat ng tao

**Ikatlong bahagi: Karagdagang pag-iisipan at talakayan.**

1. Bakit walang anumang maidadahilan ang mga Judio sa hindi nila pagtanggap kay Jesus bilang kanilang tanging Tagapagligtas?

2. Kung ang Tagapagligtas ay kailangang maging isang tunay na tao, bakit hindi na lang pumili ang Diyos mula sa sangkatauhan?

3. Bakit hindi iniligtas ng Diyos ang sangkatauhan sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan?

4. Bakit pilit inilalayo ng diyablo ang mga nakikinig ng Salita ng Diyos sa pananalig kay Cristo?

5. Kung pumarito si Jesus upang iligtas ang sangkatauhan mula sa kasalanan, bakit kailangang gumawa ng maraming himala si Cristo?

## IKAAPAT NA ARALIN
## TINUPAD NI JESUS ANG PANGAKO

Basahin ang Mateo 27 at 28. Ang mga ito ay nagsasaad ng kamatayan at pagkabuhay muli ni Jesus.

**Unang Bahagi: Tama (T) o Mali (M).**

______ Naparito si Jesus sa mundo dahil sa Kanyang dakilang pag-ibig .
______ Ang bawat taong nakinig kay Jesus ay nanalig sa Kanya.
______ Isa sa Kanyang malalapit na kaibigan, si Judas, ang nagkanulo kay Cristo.
______ Nagdusa at namatay si Jesus dahil hindi Siya kayang ipagtanggol ng Diyos
______ Ang pagliligtas ay naganap na sa krus.
______ Ang mga magnanakaw na napako kasama ni Jesus ay kapwa nanalig sa Kanya.
______ Si Jesus ay muling nabuhay sa ikatlong araw ayon sa Kanyang pangako.
______ Inalis ng anghel ang bato upang makalabas si Jesus.
______ Ang unang nagpunta sa libingan ay ang mga kababaihan na naglingkod sa Kanya.
______ Si Jesus ay muling nabuhay upang tayo rin ay muling mabuhay sa huling araw
______ Umakyat si Cristo sa langit at kinalimutan na tayo

**Ikalawang Bahagi: Lagyan ng tanda ang (mga) tamang sagot.**

1. Bakit bumaba sa lupa ang walang hanggang Anak ng Diyos?

______ Walang ibang  nais maging Tagapagligtas
______ Walang ibang may kakayahan na maging Tagapagligtas
______ Sa kadakilaan ng pag-ibig ng Diyos ipinadala Niya si Jesus sa mundo
______ Si Jesus lamang ang handang mamatay para sa buong sangkatauhan

2. Bakit kinailangang mamatay si Jesus sa krus?
______ Dahil sinabi Niya na Siya ang Anak ng Diyos
______ Galit ang mga kaaway Niya sa Kanya at nais nilang mawala Siya
______ Hindi kayang pigilan ng Diyos na mangyari ito
______ Ang Kanyang kamatayan ang naging kabayaran sa kasalanan ng sangkatauhan

3. Ano ang naganap sa araw ng muling pagkabuhay ni Jesus?
______ Ang libingan ay walang laman dahil kinuha ng mga sundalo ang katawan ni Jesus
______ Hindi kayang buksan ng mga kababaihan ang libingan kaya walang nakaaalam
______ Ang libingan ay walang laman dahil nabuhay muli si Jesus
______ Ang ating Tagapagligtas ay nabuhay muli katulad ng Kanyang ipinangako

4. Nasaan ngayon si Jesus?
______ Nanatili Siya sa mundo at namatay sa katandaan pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay
______ Nagpakita si Jesus na Siya ay buhay sa loob ng apatnapung araw at pagkatapos ay umakyat sa langit
______ Si Cristo ay umakyat sa langit at nakaluklok sa kanang kamay ng Diyos
______ Walang sinuman ang nakaaalam kung ano ang nangyari kay Jesus pagkatapos ng araw ng Kanyang muling pagkabuhay

5. Ano ang dapat gawin ng bawat Cristiano pagkatapos ng araw ng pagkabuhay ni Jesus?
______ Ipagpatuloy ang kanilang buhay tulad ng nakasanayan nila
______ Humayo at ipangaral ang mabuting balita ni Cristo sa lahat
______ Magalak at maging maligaya dahil ang kanilang Tagapagligtas ay buhay
______ Gumawa ng mabuti upang makatiyak na sila rin ay mabubuhay muli sa huling araw

**Ikatlong bahagi: Karagdagang pag-iisipan at talakayan.**

1. Bakit inakala ng diyablo na maaari siyang magtagumpay kapag namatay si Cristo sa krus?

2. Bakit ginamit ng Diyos maging ang masasamang tao katulad ni Judas at mga kaaway ni Cristo para sa Kanyang layunin?

3. Kahit na si Cristo ay tunay na Diyos, bakit nahirapan pa rin Siya sa Kanyang kamatayan?

4. Bakit sa mga tagasunod lamang Niya nagpakita si Cristo at hindi sa mga hindi mananampalataya?

5. Bakit ang ating pananampalataya ay nakasalalay sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus?

## IKALIMANG ARALIN
## ANG PANGAKO - IKAW AY PINAWALANG-SALA

Basahin ang Roma 3 sa Bagong Tipan. Basahin rin ang Efeso 2 :1 -10. Dito inihayag ni Pablo ang pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya.

**Unang Bahagi: Tama (T) o Mali (M).**

______ Itinuro sa atin ni Cristo na tayo ay may kakayahang iligtas ang ating mga sarili.

______ Ang sinumang naniniwala na si Cristo ay namatay para sa kanya ay maliligtas.

______ Ang mapawalang-sala ay nangangahulugan na inihayag ng Diyos na tayo ay iniligtas dahil sa ating mabubuting gawa.

______ Inihayag ng Diyos na tayo ay matuwid sa pamamagitan ng gawa ni Cristo lamang

______ Dahil sa kagandahang loob ng Diyos, tayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya.

______ Ang pananampalataya ay ang paggawa natin ng mabuti upang ating matamo ang pagmamahal ng Diyos.

______ Pinatatawad tayo ng Diyos alang-alang kay Cristo.

______ Ang sinumang tumanggi sa ginawa ni Cristo ay hinatulan nang maparusahan.

______ Ang bawat mananampalataya ay may hangarin na maibahagi ang mabuting balita ni Cristo sa lahat ng tao.

______ Iniutos sa atin ni Cristo na bautismuhan ang lahat ng mga bansa, kasama rin ang mga bata.

**II. Ikalawang Bahagi: Lagyan ng tanda ang (mga) tamang sagot.**

1. Ano ang dapat kong gawin upang ako ay maligtas?

______ Walang sinuman ang makasasagot ng katanungang iyan

______ Manalig kay Jesus na aking Panginoon at Tagapagligtas

______ Manalig at magsikap na magpakabuti sa aking buhay

2. Ano ang kahulugan ng mapawalang-sala?

______ Inihayag ng Diyos na ako ay pinatawad na sa lahat ng aking mga kasalanan

______ Ipinaako ng Diyos kay Jesus ang lahat ng aking mga kasalanan nang Siya ay mamatay sa krus

______ Tayo ay umaasang makalilimutan ng Diyos ang ating mga kasalanan sa araw ng paghuhukom

______ Bilang mga Cristiano, tayo ay nagiging matuwid sa mata ng Diyos sa pamamagitan ng ating mga mabubuting gawa.

3. Ano ang pananalig?

______ Ang pananalig ay ang pagtitiwala na ako ay naligtas sa pamamagitan lamang ng kagandahang-loob ng Diyos.

______ Ito ay ang pananalig na hindi naghahangad ng mabuting gawa

______ Manalig lamang sa aking Panginoon at Tagapagligtas na si Cristo

4. Ano ang nangyari sa mga kasalanan ng sanlibutan?

______ Wala nang pakialam ang Diyos dito

______ Inako na ang mga ito ni Cristo nang Siya ay mamatay para sa ating lahat

______ Hindi naman talaga ganoong kasama ang lahat ng mga iyon

5. Bakit gumagawa ng mabuti ang mga Cristiano?

______ Upang tulungan si Jesus na iligtas tayo

______ Bilang pagpapasalamat sa lahat ng kabutihan ng Diyos.

______ Nararapat pa rin itong gawin upang maligtas

______ Iniibig natin ang Diyos sapagkat Siya ang unang umibig sa atin

**Ikatlong bahagi: Karagdagang pag-iisipan at talakayan.**

1. Ano ang nangyari sa ating mga kasalanan nang mamatay si Cristo sa krus?

2. Bakit napupunta sa langit ang mga mananampalataya kahit na sila ay makasalanan gaya ng iba?

3. Nababawasan ba ang pagmamahal ng Diyos sa atin kung tayo ay patuloy na nagkakasala?

4. Bakit maging ang munting pananampalataya ay makapagliligtas sa isang tao?

5. Bakit sinasabi sa Biblia na ang pananampalatayang walang kaakibat na gawa ay patay na pananampalataya?

6. May kakayahan ba ang tao na manampalataya ayon sa kanyang sariling kalakasan o karunungan?

## IKAANIM NA ARALIN
## ANG PANGAKO – IKAW AY MAY KAPAYAPAAN

Basahin ang Roma 5 sa Bagong Tipan. Basahin din ang II Corinto 12:1-10. Natutunan natin na kahit sa panahon ng kahirapan, tayong mga Cristiano ay mayroong kapayapaan, kagalakan at kaaliwan na nagmumula sa ating Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita.

**Unang Bahagi: Tama (T) o Mali (M).**

______ Iisa lang ang tunay na Diyos.

______ Itinuturo ng Biblia na inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa tatlong persona.

______ Mas mataas ang Diyos Ama at Diyos Anak kaysa Diyos Espiritu Santo.

______ Bawat isang persona ng Diyos ay nagtataglay ng ikatlong bahagi ng banal na kalikasan at kabanalan.

______ Ang Espiritu Santo ang nagkakaloob sa atin ng pananampalataya sa pamamagitan ng Ebanghelyo sa Salita at sa Sakramento ng Bautismo at Banal na Hapunan.

______ Ilan sa mga kaloob ng Espiritu Santo ay pananalig, kapayapaan at kagalakan.

______ Binibigyan tayo ng Espiritu Santo ng kapangyarihang iligtas ang ating mga sarili.

______ Ang ating mga mabubuting gawa ay patunay na tayo ay mayroong buhay na pananampalataya.

______ Pinananatili ng Espiritu Santo ang ating pananampalataya kahit hindi ginagamit ang Salita ng Diyos.

______ Ang mga kaloob ng Espiritu Santo ay ibinibigay lamang sa mga nananalangin para dito.

______ Kung nasa atin na ang Espiritu Santo, hindi na natin kailangang makinig sa Salita ng Diyos.

**Ikalawang Bahagi: Lagyan ng tanda ang (mga) tamang sagot.**

1. Ang tatlong persona ng Diyos

______ Walang binanggit sa Biblia kaya walang ganito

______ Bawat isa ay tunay na Diyos

______ Ang bawat persona ay may kanya-kanyang gawain sa ating kaligtasan

______ Nangangahulugan na tayo ay naniniwala sa tatlong diyos

2. Sino ang Espiritu Santo?

______ Siya ay nilikha ng Diyos Ama

______ Siya ay Diyos mula pa sa walang hanggan

______ Siya ay kaisa ng Ama at Anak

3. Ano ang gawain ng Espiritu Santo?

______ Pinagkakalooban Niya tayo ng buhay sa pamamagitan ng Ebanghelyo

______ Siya ang tumutulong sa atin upang magtagumpay sa ating buhay

______ Pinagpapala Niya tayo kung tayo ay nagiging mabubuting Cristiano

______ Siya ang nagkakaloob sa atin ng mga bunga ng ating pananampalataya

4. Ano ang ginagamit na mga pamamaraan ng Espiritu Santo?

______ Ginagamit Niya ang Ebanghelyo sa Salita at sa mga Sakramento

______ Hindi na Niya kailangan ng ano pa mang pamamaraan upang tayo ay matulungan

______ Siya ay sumasaatin kung kailan Niya naisin nang hindi gumagamit ng anumang pamamaraan.

**Ikatlong bahagi: Karagdagang pag-iisipan at talakayan.**
1. Bakit natin masasabi na tayo ay mga Cristiano na ipinanganak na muli? Ano ang mga pamamaraan ng Espiritu Santo upang gawin tayong Cristiano?

2. Dahil ang Diyos ay tumutugon sa sinumang buong pusong nananalangin, ang pananampalataya at panalangin ba ay maituturing na mga pamamaraan ng kagandahang loob ng Diyos?

3. Ano ang kapanatagan na mayroon tayo upang manatiling matatag sa ating pananampalataya kahit na may mga pagkakataon na ito ay mahina?

4. Dahil tayo ay iniligtas ni Cristo, mayroon ba itong dalang pagbabago sa uri ng ating pamumuhay?

## IKAPITONG ARALIN
## ANG PANGAKO AY NAGHAHATID SA BUHAY NA WALANG HANGGAN

Basahin ang Pahayag 7. Basahin din ang Juan 14:1-6. Si Jesus lamang ang tanging daan sa kagalakan at kapayapaan sa langit kung saan ang mga mananampalataya ay walang hanggang magpupuri sa Diyos.

**Unang Bahagi: Tama (T) o Mali (M).**

______ Kung ikaw ay gumagawa ng mabuti, ikaw ay nakatitiyak na sa langit ka mapupunta.

______ Si Cristo lamang ang muling pagkabuhay at ang buhay sa lahat ng nananalig.

______ Pagdating ng huling araw, ang mga katawan ng lahat ng mga namatay ay babangon mula sa mga libingan.

______ Pagdating ng oras ng kamatayan, ang kaluluwa ng mananampalataya ay agad na tumutuloy sa langit.

______ Pagdating ng oras ng kamatayan, ang kaluluwa ng hindi mananampalataya ay tumutuloy sa isang hindi tiyak na lugar.

______ Lahat ng mga nananalig kay Cristo ay mapupunta sa lugar ng walang hanggang kaligayahan.

______ Wala nang anumang sakit, kapighatian at kahirapan sa langit.

______ Lahat ng mananampalataya ay sabik na naghihintay sa pagbabalik ng kanilang Tagapagligtas.

______ Dapat matakot sa kamatayan ang mga Cristiano.

______ Kahit na ang mga tunay na mananampalataya ay hindi nakatitiyak sa kanilang kahahantungan.

______ Lahat ng karangalan, kaluwalhatian at kapurihan ay para kay Cristo magpakailanman.

**Ikalawang bahagi: Lagyan ng tanda ang (mga) tamang sagot.**

1. Ano ang mangyayari sa oras na ang tao ay mamatay?

______ Ang lahat ng mananampalataya ay mapupunta sa hindi tiyak na lugar

______ Ang katawan ay mapupunta sa libingan at ang kaluluwa ay maglalaho

______ Lahat ng namatay na nananalig kay Cristo ay mapupunta sa langit

______ Lahat ng namatay na hindi nananalig ay mapupunta sa walang hanggang kaparusahan

2. Paano tayo nakatitiyak na mayroon ngang muling pagkabuhay?

______ Binigyang katiyakan ito ni Cristo sa Kanyang muling pagkabuhay

______ Hindi natin ito matitiyak hanggang sa araw ng paghuhukom

______ Dahil pinatunayan at binigyang katiyakan ito ng Salita ng Diyos bilang katotohanan

3. Ano ang magaganap sa araw ng muling pagbabalik ni Cristo?

______ Ang mga hindi mananampalataya lamang ang hahatulan

______ Ang katawan ng lahat ng mga namatay ay makakaisa ng kanilang kaluluwa

______ Ang lahat ay hahatulan ni Cristo

______ Kahit ang mga mananampalataya ay walang pag-asa

4. Ano ang kapanatagan na mayroon tayo sa araw ng paghuhukom?

______ Kapag sapat na ang nagawa nating kabutihan, tayo ay maliligtas

______ Lahat ng nananalig kay Cristo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan

______ Hindi natin kailangang mangamba dahil hindi naman darating ang araw na iyon

5. Paano tayo makatitiyak na sa langit tayo mapupunta?
______ Hindi tayo makatitiyak dahil wala namang bumalik dito upang ipaalam ito sa atin
______ Tayo ay mapupunta sa langit dahil si Cristo ay namatay para sa atin at sa ating mga kasalanan
______ Hindi kayang hatulan ng Diyos ang sinuman na mapunta sa impiyerno

6. Paano natin gugugulin ang buhay na walang hanggan sa langit?
______ Tayo ay maiinip dahil walang maaring gawin doon
______ Ang lahat ng mananampalataya ay walang hanggang magpupuri sa Diyos
______ Hindi pa natin alam kung tayo nga ay maliligtas at mapupunta sa langit

**Ikatlong bahagi: Karagdagang pag-iisipan at talakayan.**
1. Nakabubuti ba sa isang Cristiano na higit na isipin ang buhay sa langit kaysa buhay dito sa lupa?

2. Kahit na tayo ay mapupunta sa langit pagdating ng araw, bakit maari nating tamasahin ang kasiyahan ng buhay dito sa lupa?

3. Ano ang mangyayari sa kasalukuyang daigdig na ito at ang lahat ng kaluwalhatian nito?

4. Ano ang ating magiging pinakadakilang kagalakan sa langit?

Multi-Language Publications
Bringing the Word to the World

Student Study Guide for The Promise – Tagalog
Copyright © 2015 WELS-BWM
MLP Catalog Number: 38-5319